# MGA AKDANG PATULA

## LAYUNIN

**A. Nakikilala ang ibat ibang uri ng mga akdang patula.**
**B. Nabibigyang halaga ang mga akdang patula.**
**C. Nakababasa ng may pag-unawa.**

## TULA

- **Isang akdang pampanitikan na naglalarawan ng buhay,hinango sa guni-guni,pinararating sa ating damdamin a ipinahahayag. sa pananalitang may angking aliw-iw**.

## URI NG TULA

## 1. TULANG LIRIKO

### A) AWITING BAYAN

- karaniwang paksa nito ay pag-ibig, kawalang pag-asa o pamimighati, pangamba, kaligayahan, at kalungkutan.

  **halimbawa**: "CHIT CHIRIT CHIT"

### B) SONETO

- tulang may labing- apat na taludtud hinggil sa damdamin at kaisipan.

  **halimbawa**.

  "SONETO NG BUHAY" ni Fernanado Monleon.

### K) ELEHIYA

- nagpapahayag ng damdamin o guniguni tungkol sa kamatayan.

### D) DALIT

- awit na pumupuri sa Diyos o Mahal na Birhen at nagtataglay ng kaunting pilosopiya sa buhay.

  **halimbawa**: "DALIT KAY MARIA"

### E) PASTORAL

- ito'y may layuning maglalarawan ng tunay na buhay sa bukid.

  halimbawa: "BAYANI NG BUKID"

### F) ODA

- nagpapahayag ng isang papuri, panaghoy, o iba pang masiglang damdamin.

  **halimbawa**: "TUMANGIS SI RAQUEL"

## 2. TULANG PASALAYSAY

- Mga tulang nagpapahayag ng kwento o pangyayaring maaaring totoo o likhang isip lamang.

### A. EPIKO

- isang mahabang tulang naglalarawan ng mga pakikipagsapalaran ng pangunahing tauhan ..

  **halimbawa**; "ANG INDARAPATRA AT SULAYMAN"

.

### B. BALAD

- tulang inaawit habang sumasayaw

### C. AWIT AT KURIDO

- naglalayong mapalaganap ang pananampalataya o parangal sa pamamagitan ng mga pasalaysay ng mga kagitingan, pagkamaginoo at pakikipagsapalaran.

  **halimbawa**: "DOCE PARES SA KAHARIAN NG FRANCIA" at "FLORANTE AT AT LAURA" ni Francisco B.

## 3. TULANG PANTANGHALAN

- karaniwang itinatanghal na binibigkas ng patula.

### A. KOMEDYA


- isang gawa na ang sangkap ay piling-pili at ang pangunahing tauhan ay may layong pukawin ang kawilihang manonood, nagwawakas ito nang masaya.

### B. MELODRAMA

- ito ay karaniwang ginagamit sa lahat ng mga dulang musical. .

### K. SAYNETE

- ang paksa ng ganitong uri ng dula ay mga karaniwang pag-uugali ng tao o pook.



**D. PARSA**

- isang uri ng dula na ang layunin ay magpasiya sa pamamagitan ng mga kawing-kawing na mga pangyayaring nakakatawa.

**E.TRAHEDYA**

- angkop ang uring ito ng dula sa mga tunggaliang nagwawakas sa pagkasawi o pagkawasak ng pangunahing tauhan

## 4.TULANG PATNIGAN

- ginagawa bilang laro

**A. KARAGATAN**

- paligsahan sa tula na nilalaro bilang parangal sa isang patay.

**B. DUPLO**

- -paligsahan sa tula na karaniwang gi-naganap sa ikasiyam ng gabi sa ba-kuran ng namatay matapos mailibing ang patay bilang pag-aaliw sa mga naulila nito.

**K.BALAGTASAN**

- tagisan ng talino sa pamamagitan ng palitan ng katwiran sa pam-patula.



**SANGGUNIAN:**


- PANITIKANG PILIPINO ni Erlinda M. Santiago et.al



**INIHANDA NINA:**

**MILDRED DAGWAT**

**ROSAL LICWASEN**

**ARMELINDA LAMO-OY**

**LORELYN ORTIZA**


- Para sa karagdagang kaalaman bu-misita lang sa; **www.mgaakdangpatula.wordpress.com**




# MGA AKDANG PATULA

